289

ped-MALAYBALAY CITY DIVISION

RELEASED

Date: 3/4/15 Time: 9:20

Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon x-Hilagang Mindanao
SANGAY NG LUNGSOD MALAYBALAY
Purok 3 Casisang Malaybalay City

PANSANGAY ADVAYSORI

PARA SA: Mga Tagamasid sa iba't ibang Asignatura
Tagamasid Pampook
Prinsipal, Ulong Guro
Sangay ng Lungsod Malaybalay

BUHAT KAY: **EDILBERTO L.OPLENARIA**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

PAKSA: **MALAWAKANG IMPLEMENTASYON NG EXECUTIVE ORDER BLG.335 UKOL SA MAHUSAY NA PAGGAMIT NG WIKANG FILIPINO SA LAHAT NG MGA KAGAWARAN, KAWANIHAN, OPISINA, AHENSYA AT INSTRUMENTALIDAD NG PAMAHALAAN**

PETSA : Marso 25, 2015

Kalakip sa adbaysoring ito ang sulat buhat sa Komisyon ng Wikang Filipino(KWF) na nilagdaan ng Tagapangulo, Virgilio S. Almario na sa ilalim ng Tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas na Kasalukuyang naglulunsad ng malawakang implementasyon ng Ehekutibong Kautusan Blg 335.

Ito ay nagbibigay pahintulot sa lahat ng mga tagapamanihala ng mga Paaralan na makumbida ang mga kinatawan ng Komisyon ng Wikang Filipino upang makapagdaos ng pagsasanay /oriyentasyon sa inyong sangay para sa mga guro, punongguro at mga gurong tagamasid sa lahat ng asignatura.

Inaasahan ang daglian at malawakang pagpapalaganap nitong adbaysori,

Republic of the Philippines
Department of Education
REGION X – NORTHERN MINDANAO
MASTERSON'S AVENUE ZONE 1, UPPER BALULANG
Cagayan de Oro City

REHIYUNAL NA ADBAYSORI

Para Sa: **Mga Tagapamanihala ng mga Paaralan**
Sa rehiyong ito

Mula kay: **ATTY. SHIRLEY O. CHATTO**
Chief Administrative Officer
Officer-In-Charge
Office of the Regional Director

Paksa: **MALAWAKANG IMPLEMENTASYON NG EXECUTIVE ORDER BLG. 335 UKOL SA MAHUSAY NA PAGGAMIT NG WIKANG FLIPINO SA LAHAT NG MGA KAGAWARAN, KAWANIHAN, OPISINA, AHENSIYA AT INSTRUMENTALIDAD NG PAMAHA-LAAN**

Petsa: **IKA-20 NG MARSO, 2015**

Kalakip sa adbaysoring ito ang sulat buhat sa Komisyon Ng Wikang Filipino (KWF) na nilagdaan ng Tagapangulo, **VIRGILIO S. ALMARIO, NA,** sa ilalim ng Tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas na kasalukuyang naglulunsad ng malawakang implementasyon ng Ehekutibong Kautusan Big 335.

Ito ay ngbibigay pahintulot sa lahat ng mga Tagapamanihala ng mga Paaralan sa buong rehiyon na makumbida ang mga kinatawan ng Komisyon Ng Wikang Filipino upang makapagdaos ng pagsasanay/oriyentasyon sa inyong sangay para sa mga guro, punongguro at mga gurong tagamasid sa lahat ng asignatura.

Maaari rin ninyong maanyayahan ang Punong Lalawigan, Punong Lungsod, Punong Bayan, Punong Barangay, kasama ang lahat ng kawani ng pamahalaang lokal gayundin ang pinuno ng institusyong konstitusyunal, mga kagawaran, at ahensiya ng pamahalaan, mga korporasyong pag-aari at kontrolado ng pamahalaan, pamantasang pampaaralan at kolehiyo na makadalo sa naturang pagsasanay sa pagsulat ng Korespondensya Opisyal at Masinop na Pagsulat upang matiyak ang mahusay na paggamit ng Wikang Filipino sa lahat ng kagawaran, opisina, kawanihan, ahensiya at instrumentalidad ng pamahalaan.

Ipinabatid ng KWF na ang pagadalo ng kanilang kinatawan ay sa opisyal na oras lamang at ang gastos para sa transportasyon, pagkain at handouts ay manggagaling sa pondong lokal ng inyong sangay o tanggapan na sasailalim sa pagsasanay sa pasubaling ito'y dadaan sa kaukulang pagtutuos at pag-aawdit.

Iminungkahi sa mga nagnanais sumasailalim sa nabanggit na pagsasanay/oriyentasyon na susundin ang mga tagubiling napapaloob sa naturang sulat.

Inaasahan ang dagilan at malawakang pagpapalaganap nitong adbaysori sa kinauukulan .

Republika ng Pilipinas
Tanggapan ng Pangulo

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO



13 Pebrero 2015

Atty. SHIRLEY O. CHATTO
Nanunungkulang Panrehiyong Direktor
Kagawaran ng Edukasyon, Rehiyon X - Hilagang Mindanao
Pelaez Sports Complex, A. Velez St., Lungsod Cagayan de Oro

Mahal na Direktor Chatto:

Malugod na ipinababatid ng Komisyon sa Wikang Filipino sa ilalim ng Tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas na kasalukuyan itong naglulunsad ng malawakang **Implementasyon ng Executive Order Blg. 335** na nilagdaan ni Dating Pangulong Corazon C. Aquino noong 25 Agosto 1988. Itinataguyod ito ng KWF tungo sa mahusay na paggamit ng wikang Filipino sa lahat ng mga kagawaran, kawanihan, opisina, ahensiya, at instrumentalidad ng pamahalaan.

Para sa inyong kaalaman, ang implementasyon ng Executive Order Blg. 335 ay suportado ng Memorandum Sirkular Blg. 2014-62 mula sa Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal, Patalastas Blg. 7 s. 2014 mula sa Komisyon sa Serbisyo Sibil, at Memorandum Pangkagawaran Blg. 9 s. 2015 ng Kagawaran ng Edukasyon upang mahikayat ang lahat ng Punong Lalawigan, Punong Lungsod, Punong Bayan, Punong Barangay kasama ang lahat ng kawani ng pamahalaang lokal gayundin ang pinuno ng institusyong konstitusyonal, mga kagawaran at ahensiya ng pamahalaan, mga korporasyong pag-aari at kontrolado ng pamahalaan, at pampamahalaang pamantasan at kolehiyo na lumahok sa mga pagsasanay sa pagsulat ng Korespondensiya Opisyal at Masinop na Pagsulat upang matiyak ang mahusay na paggamit ng Wikang Filipino sa lahat ng kagawaran, opisina, kawanihan, ahensiya, at instrumentalidad ng pamahalaan.

Ang pagdalo ng mga kinatawan ay sa opisyal na oras at ang gastos para sa transportasyon, pagkain, at handouts ay manggagaling sa pondo ng rehiyon, sangay, o tanggapan na sasailalim sa pagsasanay sa pasubaling ito'y dadaan sa kaukulang pagtutuos at pag-aawdit.

Para sa iba pang detalye, mangyaring makipag-ugnayan kay Jomar I. Cañega o Pinky Jane S. Tenmatay sa telepono blg. (02) 736-2525 loc 105 o jinocanega@gmail.com at tenmataypinkyjane@rocketmail.com. Asahan din ninyo na tatawag kami sa inyong tanggapan upang mabatid ang inyong tugon.

Mabuhay kayo at nagpapasalamat kami sa inyong patuloy na tangkilik sa wikang Filipino.

Sumasainyo,

VIRGILIO S. ALMARIO, NA
Tagapángulo